


Filipino

Unang Markahan–Modyul 4: Elemento at Pagsulat ng Kuwento



Filipino – Baitang 4
Alternative Delivery Mode
Unang Markahan – Modyul 4: Elemento at Pagsulat ng Kuwento
Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Ma. Theresa I. Cortez, Meagan Alexis A. Almasco
Editors: Laila C. Namoro
Tagasuri: Rechie O. Salcedo
Tagaguhit: Mark Anthony O. Taduran, Emma N. Malapo
Tagalapat: Rey Antoni S. Malate
Tagapamahala: Gilbert T. Sadsad, Ronel Al K. Firmo, Francisco B. Bulalacao, Jr.
Grace U. Rabelas, Ma. Leilani R. Lorico, Nora J. Laguda
Jerson V. Toralde, Rechie O. Salcedo, Belen B. Pili

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region V

Office Address: Regional Center Site, Rawis, Legazpi City 4500
Mobile Phone: 0917 178 1288
E-mail Address: region5@deped.gov.ph

4

Filipino

**Unang Markahan – Modyul 4:
Elemento at Pagsulat ng Kuwento**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinomang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anomang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Isang magandang bati sa iyo!

Mahilig ka bang makinig at magbasa ng mga kuwento? Magaling! Sapagkat ang modyul na ito ay hinihanda para sa iyo upang mas lalong lumalim ang iyong kaalaman sa pag-unawa nang mabuti sa mga babasahing kuwento.

Matutuhan mo rin sa modyul na ito ang pagsulat ng maikling kuwento tungkol sa natatangi at kahanga-hangang mga tao sa inyong pamayanan. Kaya mo bang isulat ang kuwento ng kanilang buhay?

Sa araling ito, inaasahang makakamit mo ang sumusunod na kasanayan:

1. Natutukoy ang mga elemento ng kuwento:
Tagpuan, Tauhan at Banghay
2. Nasasagot ang mga tanong sa nabasang kuwento.
3. Nakasusulat ng natatanging kuwento tungkol sa natatanging tao sa pamayanan.
4. Nakasusulat ng liham na nagbabahagi ng karanasan/pangyayari sa nabasang kuwento.



O, *exciting* di ba? Alam kong gusto mo nang pag-aralan ang modyul na ito.

Halika, umpisahan mo na.



Subukin

Panuto: Basahin ang maikling kuwento at sagutin ang tanong sa ilalim nito. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Ang Magkaibigan ni Cheche Cortez

Matalik na magkaibigan sina (1) Tonton at Danilo. Turing nila sa isa't isa ay parang tunay na magkapatid.

Isang araw, dali daling nagtungo si Danilo (2) sa bahay ng kanyang kaibigan upang ibalita na may peryahan sa plaza at nais niyang sumakay ng 'Ferris Wheel'. "Tonton! Tonton! Halika na dalian mo!" sigaw ni Danilo. "O, Danilo, bakit tila napakataas ng enerhiya mo?" saad ni Aling Bengbeng na ina ni Tonton. "Magandang umaga Aling Bengbeng! Nabalitaan ko po kasi na mayroong bagong palaruan sa may plaza balak ko sana na maglaro kami roon ni Tonton. "Huwag kayong magpapagabi mga bata. Sige mag-ingat kayo," paalala ni Aling Bengbeng sa dalawa.

Pagdating nila sa plaza ay agad-agad na nagtungo ang dalawa sa Ferris Wheel at sumakay rito. Maraming nagkikislapang kulay ang nakikita nila mula sa ibaba. Pagkatapos sa ferris wheel, (3) masayang nagikot-ikot ang dalawa sa buong plaza. Pinuntahan ang iba't ibang tindahan ng kakanin at palaruan. Pagdating ng ikalima ng hapon, naisipan na ng dalawang umuwi kani-kanilang bahay upang hindi mag-alala ang kanilang mga magulang.

A. Tukuyin kung anong elemento kabilang ang nakasalungguhit na salita sa teksto. Isulat sa sagutang papel kung **tauhan, tagpuan, o banghay**.

1. _____ 2. _____ 3. _____

B. Sagutin ang sumusunod na tanong tungkol sa kuwento. Isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

4. Nakauwi ba nang maaga ang dalawang magkaibigan?

- A. Oo B. Hindi C. Baka D. nawala

5. Kung ikaw si Tonton at Danilo, susundin mo rin ba ang paalala ng iyong magulang?

- A. Hindi po. Maglalaro ako hanggang gusto ko.
B. Opo. Para hindi mag-aalala ang aking magulang.
C. Depende sa magigig desisyon ko.
D. bahala na

C. Sumulat ka ng liham sa iyong matalik na kaibigan at kuwento mo sa kanya ang tungkol sa natatanging tao sa inyong pamayanan kung papaano siya nakatulong sa inyo ngayong panahon ng pandemya.

Gamitin mo ang rubrik sa ibaba para sa kabuoang ayos ng iyong ginawa. Ipamarka ito sa iyong magulang o kapatid.

Rubrik sa Pagsulat ng Kuwento

Elemento	Puntos				
	5 <i>(Napakagaling)</i>	4 <i>(Magaling na Magaling)</i>	3 <i>(Magaling)</i>	2 <i>(Katamtaman)</i>	1 <i>(Magsanay pa)</i>
Naisulat nang maayos ang nilalaman ng liham/kuwento.					
Nailahad ng malinaw ang pagsasalarawan sa natatanging tao sa naisulat na liham/kuwento.					
Napupulutan ng aral o inspirasyon ang naisulat na liham/kuwento.					
KABUOAN					

**Elemento at Pagsulat ng
Kuwento****Balikan**

Magbalik-aral ka.

Naalala mo pa ba ang aralin bago ang modyul na ito?

Narito ang isang gawain na susukat kung gaano mo naintindihan at naisapuso ang konsepto tungkol sa paggamit ng diksiyonaryo sa pagbibigay ng pormal na depinisyon at pagbibigay ng kahulugan ng salita ayon sa kasingkahulugan, kasalungat at gamit ang pahiwatig (*context clues*).

Panuto: Alamin ang kahulugan ng salitang may salungguhit. Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat ito sa papel.

1. Dahil sa COVID 19 nagkaroon ng **lockdown** sa buong Pilipinas.
 - A. Permanenteng estado ng panunuluyan.
 - B. Proseso ng pagpapaunawa ng isang idea o konsepto.
 - C. Halaga ng pera na nakalaan bilang pondo.
 - D. Estado kung saan pinapayuhang manatili sa loob ng bahay.
2. Si Maria ay kumuha ng **pluma** upang isulat ang kanyang karanasan ngayong panahon ng pandemya.

A. gunting	C. bolpen
B. papel	D. krayola
3. Ang pagong ay isang **makupad** na hayop dahil sa daladala niya ang kanyang bahay. Ano ang kasalungat na salita ng may salungguhit?

A. mabilis	C. manipis
B. mabagal	D. matulis

4. Sa bayan naming ay may **makipot** na daanan na mahirap pasukin patungo sa ilog. Ano ang kasingkahulugan ng may salungguhit.
- A. malawak
B. maganda
C. masikip
D. masukal
5. Ano ang salitang pahiwatig ng salitang may salungguhit sa pangungusap. “Hindi sagot ang **digmaan** sa hindi pagkakaintindihan ng mga bansa.
- A. hindi sagot
B. ng mga bansa
C. hindi pagkakaintindihan
D. salitang pahiwatig



Tuklasin

Pagtambalin ang mga salitang nasa Hanay A sa kahulugan nito sa Hanay B. Maaari kang gumamit ng diksyunaryo. Isulat ang titik ng tamang sagot sa iyong papel.

Hanay A	Hanay B
1. aparador	A. hiyas na isinusuot sa leeg
2. pulseras	B. malaking sisidlan ng damit
3. manikurista	C. palamuting bilog na hiyas na isinusuot sa may pulso sa kamay
4. kuwintas	D. isang kayamanan/bagay na ipinasa
5. pamana	E. taong naglilinis ng kuko sa kamay

Basahin mo.

Pamana

ni: Cheche Cortez

Naghahalungkat si Noreen sa lumang aparador ng kanyang lola nang bigla niyang nakita ang isang pulang bestida na may disenyong bulaklak. Sinukat niya ito at humarap sa salamin. Saktong-sakto ang sukat nito sa kanya, kaya't nagpasiya siyang lumabas upang ipakita ito sa iba.



Ipagpatuloy mo pa ang pagbasa...



Nagtungo siya sa kanilang kapitbahay na si Aling Toring at tinanong ito “Magandang umaga Aling Toring, kamusta po ang aking kasuotan. “Naku! ineng napakaganda mo pero mas gaganda ka pa kung lalagyan natin ng malaking pulseras ang iyong kamay”.

Nagpunta naman si Noreen sa tindahan ni Mang Isko, “Kumusta po kayo Mang Isko, ano pong masasabi mo sa itsura ko?” tanong ni Noreen sabay ikot.

“Napakaganda mo, Ineng! At mas lalo ka pang gaganda kung lalagyan natin ng malaking laso ang iyong buhok,” sabi ni Mang Isko.



Nagtungo naman si Noreen sa bahay ng kanyang tiya, “Tita Kyla, tingnan mo po ang aking suot, bagay po ba?” tanong ni Noreen. “Oo naman, mas lalo ka pang gaganda kapag sinuot mo itong berdeng sapatos,” sagot ng kanyang Tita.

Habang papauwi na si Noreen sa kanilang bahay napadaan siya sa parlor ni Aling Susan, isang manikurista. “Noreen, ikaw pala,” saad nito. “Naku! mas lalo kang gaganda kung may pakpak sa likod mo at magmumukha kang anghel,” sabi ni Aling Susan.



Ipagpatuloy mo pa ang pagbasa...

“Ina, bakit tila may kulang pa rin po sa aking kasuotan?” tanong ni Noreen. Napangiti ang ina at isa isang inalis ang mga palamuting nakasabit sa anak. “Noreen, anak, hindi mo kailangan ng maraming bagay sa iyong katawan upang maging maganda, mas mahalaga ang pagiging simple. Alam mo ba na ang damit na ‘yan ang pinakapaboritong suotin ng iyong lola? Halika, may ibibigay ako sa iyo,” ang sabi ni Aling Marta papasok sa kanyang kuwarto.



“Aba! Napakaganda naman niyan Ina,” sabi ni Noreen habang isinusuot ng ina ang kuwintas na may palawit na hugis-puso sa kaniya. Ingatan mo ang kuwintas na ito, pagka’t pamana pa ito sa akin ng iyong lola,” nakangiting sabi ng kanyang ina.

Sagutin ang mga sumusunod na tanong. Isulat ang sagot sa papel.

1. *Saan nakuha ni Noreen ang pulang bestida?*
2. *Sino-sino ang naglagay ng palamuti sa katawan ni Noreen?*
3. *Naging masaya ba si Noreen sa kanyang itsura? Bakit?*
4. *Ano ang ipinayo ng ina kay Noreen?*
5. *Ano ano ang mga katangian ni Noreen?*

Ngayon palalawakin natin ang iyong kaalaman tungkol sa elemento ng kuwento at mabigyan ka ng ideya tungkol sa pagsulat ng kuwento tungkol sa natatanging tao?

Magaling! Ngayong nasagutan mo ang mga tanong, tukuyin mo kung tama o maali ang sagot mo sa susi sa pagwawasto sa pahina 17.



Suriin

Mula sa kuwentong iyong binasa, sagutin at pag-usapan natin ang sumusunod.

Tungkol saan ang kuwento?

Tungkol sa pamanang kuwintas at bestida.

Tungkol sa pulang bestida ng Lola ni Noreen.

Sino-sino ang naglagay ng palamuti sa katawan ni Noreen?

Aling Toring na nagbigay ng pulseras

Mang Isko naglagay ng laso sa kaniyang buhok

Tita Kyla na nagbigay ng berdeng sapatos

Aling Susan na nagbigay ng pakpak

Aling Martha nagbigay ng kuwintas

Tama! Sila ang mga nakausap at nagbigay ng palamuti kay Noreen. Sila ang tinatawag na mga **tauhan**.

Saan niya natanggap ang mga palamuting ibinigay sa kaniya?

-sa bahay na si Aling Toring-pulseras

-sa tindahan ni Mang Isko-laso

-bahay ng kaniyang Tita Kyla- berdeng sapatos

-sa parlor ni Aling Susan-pakpak

-sa kanilang bahay

Tama! Ito ang mga lugar na pinuntahan ni Noreen at kung saan niya natanggap ang mga palamuti. Tinatawag itong **tagpuan**.

Ang mga pagbigay at pagtanggap ni Noreen sa mga palamuti sa kaniyang katawan ang mga pangyayari na tinatawag na **banghay**.

Kumusta? Kilala mo na ba ang **elemento ng kuwento**?



Upang lalo mong maunawaan ang elemento ng kuwento, basahin mo at sagutin ang mga tanong sa bawat element nito.

Ano ang **maikling kuwento**?

Ito ay isang uri ng pagsasalaysay ng mga pangyayari sa buhay ng pangunahing tauhan.

Elemento ng Kuwento

A. TAUHAN – ay mahalagang elemento ng maikling kuwento sapagkat tumutukoy ito sa mga gumaganap sa kuwento.

- Pangunahing Tauhan – nagsisilbing pinakabida sa kuwento at sa kanya umiikot ang kuwento.

1. Sino ang pangunahing tauhan sa kuwentong binasa “Pamana”? _____
2. Sino- sino pa ang ibang tauhan sa kuwento?

B. TAGPUAN – tumutukoy sa lugar, atmospera, at panahon kung saan naganap ang kuwento.

1. Saan pumunta si Noreen sa kuwentong binasa?
_____, _____, _____,
_____, _____

C. BANGHAY – tumutukoy ito sa maayos at malinaw na pagkakasunod-sunod ng mga magkakaugnay na pangyayari.

Gawin mo ito para sa Banghay.

Panuto: Pasunod-sunod ang mga pangyayari sa kuwentong binasa. Isulat ang bilang 1-3 sa bituin.



at Napadaan si Noreen sa tindahan ni Mang Isko
nilagyan siya ng malaking laso sa kanyang
buhok.




Nakita ni Noreen ang kaibigan ng kanyang nanay na manikurista at ipinasuot sa kanya ang dala-dalang pakpak nito.



Naghalungkat si Noreen sa aparador ng kanyang lola at nakita niya ang pulang bestida agad niya itong isinuot at humarap sa salamin.

Tapos na nating pag-aaralan ang element ng kuwento dumako na tayo sa pagsulat ng kuwento.

Narito ang mga dapat isaalang-alang sa pagsusulat ng kuwento tungkol sa isang natatanging tao sa pamayanan:



Kilalang-kilala ang isang tao sa pamayanan

Pamilyar sa personal na impormasyon ng natatanging tao


May kapaki-pakinabang na ambag sa pamayanan

May katangi-tanging katangian

Naging inspirasyon sa ibang tao

Tandaan

Ang natatanging kuwento ay isinusulat upang magpabatid, maglahad, at magpalawak ng isang balita, impormasyon at makatotohanang pangyayari batay sa karanasan, pag-aaral, pananaliksik, at pakikipanayam. Ito ay isinusulat sa paraang kawili-wili upang lalong makahikayat sa mambabasa.



Pagyamanin

Ipagpatuloy ang pagsasanay.

Handa ka na po? Simulan mo na kaibigan...

- A.** Punan ng angkop na detalye ang *graphic organizer* batay sa kuwentong binasa na pinamagatang “Simpleng Pangarap”. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Panganay

ni Meagan Alexis A. Almasco

Bata pa lamang ay pangarap na ni Aryana na matulungan ang kanyang pamilya. Siya ang panganay sa siyam na magkakapatid. Ang kanyang tatay ay magsasaka at nagtitinda naman ng mga kakanin ang kanyang nanay.

Hangang-hanga si Aryana sa kanyang mga guro kaya nais niyang makapagtapos ng pag-aaral upang maging katulad nila at matulungang mapag-aral ang mga nakababata niyang kapatid. Pagkatapos ng kanyang klase at tuwing wala siyang pasok ay sinasamahan niya ang kanyang nanay sa pagtitinda at tumatanggap din siya ng *tutorial* upang makadagdag sa kanilang gastusin.

Hindi nagtagal, dahil sa sipag, determinasyon at pagsusumikap ay nakapagtapos si Aryana sa kolehiyo at naging lisensyadong guro ngunit hindi pa dito natapos ang kanyang pangarap. Mula sa mga naiipon niya sa konting natitira sa kanyang sahod ay nakapag-ipon siya ng pera na kanyang ginawang puhunan upang makapagtayo ng isang munting *restaurant* na pinangalanan niyang “Kusinang Natatangi”.


Napagtapos ni Aryana ang kanyang walong kapatid. Dalawa ay naging guro katulad niya, dalawa rin ang naging pulis, isa ang naging *seaman*, dalawa ang naging doktor, at isa ang naging abogado.

Patuloy pa rin ang pagtulong ni Aryana sa mga taong nangangailangan ng tulong. Namimigay ng *scholarship* si Aryana at ang kanyang mga kapatid sa mga batang hindi nabibigyan ng pagkakataong makapag-aral sa kanilang probinsiya.

Pamagat

Tagpuan

Pangunahing Tauhan




B. Piliin ang kahon na naglalaman ng mga katangiang taglay ni Aryana at isulat sa mga puso na nasa ibaba. Gawin ito sa sagutang papel.

Matulungin
Masipag

Determinado ng magtagumpá
Masikap

Walang tiwala sa sarili
Tamad at iniaasa ang mga gawain





Isaisip

Isiping mabuti...


Panuto: Punan ang sumusunod na talahanayan tungkol sa iyong natutunan at ipaliwanag kung gaano ito kahalaga.

Ano ang iyong natutuhan?	Gaano ito kahalaga?



Isagawa

Panuto: Sumulat ng natatanging kuwento ng isang natatanging guro sa inyong pamayanan sa pamamagitan ng pagsulat ng liham. Pagkatapos, tukuyin ang elemento ng kuwento sa iyong isinulat. Gamitin ang graphic organizer katulad ng nasa pagyamanin. Gawin ito sa sagutang papel.



Gamitin ang *rubrics* o pamantayan sa pagmamarka sa tulong ng iyong kaklase, magulang o kapatid na nasa pahina 3.



Tayahin

Hanggang saan na ang iyong kaalaman at kahusayan sa pagtukoy ng elemento ng kuwento- tauhan, tagpuan at banghay.

Basahin ang sumusunod na kuwento.

Ang Masayang Paglalakbay

(Cheche Cortez)

Tuwang-tuwa sina Roy, Rico at Rey sa kanilang ‘field trip’ sa Legaspi City. Ang una nilang pinuntahan ay ang Hoyop-hoyopan Cave sa Camalig. Namangha sila sa ganda ng kuweba. Napagod sila sa pag-akyat sa bulubundukin ng Kawa-Kawa sa Ligao ngunit sulit naman sa napakagandang tanawin doon. Lalo silang nasiyahan nang makita nila ang iba’t ibang hayop sa ‘Wild Life’. Pagkatapos nilang mananghalian, sila ay nagtungo sa PAGASA Center upang malaman kung papaano namumuo ang isang bagyo. Nakita rin nila ang perpektong hugis ng Bulkang Mayon sa may Cagsawa Ruins. Sulit ang pagod ng mga mag-aaral habang papauwi na sila sa kani-kanilang bahay.

Panuto: Sagutin ang mga tanong at isulat sa papel ang iyong sagot.

A. Sino sino ang mga tauhan sa kuwentong binasa?

- (1) _____,
- (2) _____ at
- (3) _____.

B. Ano anong mga lugar na kanilang pinuntahan ayon sa kuwento?

- (1) _____
- (2) _____
- (3) _____
- (4) _____, at
- (5) _____.

C. Pasunud-sunurin ang mga pangyayari ayon sa tekstong nabasa. Lagyan ng bilang 1-5 sa patlang.

- _____ a. Lalo silang nasiyahan nang makita nila ang iba't ibang hayop sa 'Wild Life'.
- _____ b. Natutula rin sila sa hugis perpekto ng Bulkang Mayon ng sila ay pumunta sa Cagsawa, Daraga.
- _____ c. Sulit ang kanilang pagod habang papauwi na sa kanilang bahay
- _____ d. Napagod ang tatlong bata sa pag-akyat nila sa bulubunduking Kawa-Kawa sa Ligao.
- _____ e. Namangha sila sa

D. Pumili ng isang natatanging mong kaibigan. Ibahagi mo sa kanya kung bakit siya natatangi sa pamamagitan ng pagsulat ng liham.

Gamitin ang *rubrics* o pamantayan sa pagmamarka sa tulong ng iyong kaklase, magulang o kapatid na nasa pahina 3.




Karagdagang Gawain

Hanggang saan na ba ang iyong kahusayan sa pagkatuto sa ating aralin? Para hindi mo makalimutan, magsanay ka pa.

Sumulat ng isang natatanging kuwento tungkol sa isang nanay na nagsusumikap na mapag-aral at mapagtapos ang mga anak sa kabila ng kahirapang nararanasan ng kanilang pamilya. Gamitin ang elemento ng kuwento sa pagsulat. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

Pamagat

Matapos itong gawin, gamitin ang rubrics o pamantayan sa pagmamarka sa pahina 3 sa tulong ng iyong kaklase, magulang o kapatid.



Malugod na pagbati!
Napagtagumpayan mo ang mga gawain sa modyul na ito. Maaari ka nang magpatuloy sa susunod na modyul.



Susi sa Pagwawasto

Tuklasin	Balikan	Subukin
Talasalitaaan	1. D	A
1. B 2. C 3. E 4. A 5. D	2. C	1. Tauhan
Sagot sa tanong	3. A	2. Tagpuan
1. Aparador	4. C	3. Banghay
2. Aling Toring, Mang Isko,	5. C	B.
Tya Kyla, Aling Susan		4. B
3. Hindi-Dahil tila may kulang		5. B
pa sa kanyang kasuotan		C. Gamitin ang rubrik
4. Mas maganda ang pagiging		sa pagwawasto.
simple.		
5. Masayahin, masunurin,		
magalang at pinapahalagahan		
ang mga bagay na ibinibigay sa		
kanya.		
<i>Isaisip</i>		
Natutunan ko ang mga sumusunod:		
1. Elemento ng kuwento: Tauhan,		
Tagpuan at Banghay. Mahalaga itong		
malaman sapagkat malaki ang matutulong		
nito upang mas lalong lumawak ang aking		
kaalaman at pag-uunawa sa binabasang		
kuwento.		
2. Pagsusulat ng natatanging kuwento sa ng		
isang natatanging tao sa pamayanan. Ma-		
halagang matutunan ito sapagkat na		
palawak ang aking kaalaman sa paraan ng		
pagsulat nito. (Tanggapin ang ibang sagot)		
<i>Isagawa</i>		
1. Iwasto gamit ang rubriks na nasa pahina 3		
<i>Tayahin</i>		
A. 1. Roy 2. Rico 3. Rey		
B. 1. Hoyop-Hoyopan Cave		
2. Kawa-Kawa		
3. Wild Life		
4. PAGASA		
5. Cagsawa		
C. a.-3		
b.-4		
c.-5		
d.-2		
e.-1		
D. Iwawasto gamit ang rubrik.		
		<i>Karagdagang Gawain</i>
		Iwawasto gamit ang rubrik sa pahina 3.
		1. matulungin
		2. determinadong magtagumpay
		3. masipag
		4. maskap
		B.
		hindi nabigyan ng pagkakataong makapag-ara-
		at ang kanyang mga kapatid sa mga batang
		tulong. Namimigay ng scholarship si Aryana
		Aryana sa mga taong nangangailangan ng
		Wakas: Patuloy pa rin ang pagtulong ni
		naging doktor, at isa ang naging abogado.
		guro katulad niya, dalawa rin ang naging
		kanyang walong kapatid. Dalawa ay naging
		munting <i>restaurant</i> . Napatapos niya ang
		mapa-
		naitpong pera nakapagpatayo siya ng isang
		at naging lisenyadong guro. Mula sa
		Katawar: Nakapagtapos siya ng koiheyo
		maging isang guro.
		pamilya. Nais niyang makapagtapos at
		pangarap niyang makatulong sa kanyang
		Panimula: Bata pa lamang si Aryana
		Pangunahing Tauhan: Aryana
		Tagpuan: Sa kanilang probinsiya
		A. Pamagat: Pangamay
		<i>Pagmamamain</i>

Sanggunian

Almario, Virgilo, 2010, UP Diksiyonaryong Filipino 2nd ed., ANVIL Publishing Inc.

Dimas, Ellenette, 2020, Maikling Kuwento, Google, <https://brainly.ph/question/310907>

Lanza, J., 2019, *Pagsulat ng Natatanging Kuwento*, Filipino 4. Gabay ng Guro. Unang Markahan-Ikalawang, Linggo, Unang Araw, Bacolod City: SDO Bacolod City, Department of Education

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph